# GENEVIEVE L. ASENJO

Propesor ng panitikan at malikhaing pagsulat si **Genevieve L. Asenjo** sa Pamantasang De La Salle sa Maynila. Kasama siya sa 2018 *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art* (Literature) para sa kaniyang mga akda sa Kinaray-a, Hiligaynon, at Filipino. Ang kaniyang mga bagong aklat ay *Ang Itim na Orkidyas ng Isla Boracay: Mga Kuwento* (UP Press, 2021) at *Indi Natun Kinahanglan kang Duro nga Tinaga sa Atun Tunga/Hindi Natin Kailangan ng Maraming Salita sa Ating Pagitan: Mga Tula sa Kinaray-a & Filipino* (UP Press, 2021) na bahagi ng *Philippine Writers Series* 2021 ng LIKHAAN: UP Institute of Creative Writing. May online platform siya na *Balay Sugidanun* (House of Storytelling). Ilalabas ng *Aklat Alamid* ang kaniyang libro ng kuwentong-pambata sa Kinaray-a at Filipino ngayong 2022, ang *Buhok nga Naglimpyo kang Suba/Ang Buhok na Naglinis ng Ilog.*

# PAREHAS KANG MGA PISPIS, KAG ANG EBANGHELYO KANG PANAHON

1.

Sa duyan ako, sa kamalig, sa bungyod ingud ka balay. Asul ang langit. Puti ang mga gal-um. Amihan ang hangin. May darwa ka pispis nga naghapon sa puno kang doldol sa atubangan kang kamalig sa pihak kang karsada. Sa likod kang mga kahoy, ang bungyod kang taramnan. Nagapatag dya parayü sa akun panurukan, diretso sa hilera kang kawayan kag mga kahoy nga nagatago kang sapa. Saka sa hagdan-hagdan nga taramnanan. Kita ko man ang paglupad kang mga dapay panaug sa mga taramnan nga dya. Ang andang paghugpà sangka puti nga dekorasyon kandyang aga.

2.

Nalipay ako sa ralantawun nga dya. May pagtingala. Daw indi ako makapati nga may amò pa kadya nga ralantawun sa pag-uli ko rügya sa probinsiya sa ikarwa nga tuig kang pandemya. Daw indi ako makapati nga nakauli ako. Daw indi ko mapatihan ang tanan nga dya. Kag nagatingala ako sa dyang akon daw-indi-pagpati.

3.

Nalantaw ko dyang ralantawun bangod nakapuwesto ako. Kita ko sanda pero indi ko man-an ang andang ngaran, ang andang sahì.

Ukon basi makilala ko sanda kon makita ko sa rapit? *Umbok? Maya? Kilyawan?* Indi ako sigurado. Pero posible. May dara ako nga binocular. Military grade. Gin-order ko sa Amazon. Pero kon bul-un ko dyang binocular sa bag sa balay—kadya mismo—mahimo wara run ako it maabutan, bisan isara kananda, pagbalik ko.

Kisra, may namangkot kanakun: paano ikaw nagahimo kang desisyon?

4.

*Photograph it, post, or it did not happen*. Piktyuran ko? I-video? Ma-zoom in. Mapost ko sa Facebook: *ID, please*.

Pero nagaload ang akun iPhone; mastream ako sa duyan kang "The Worst Person in the World." Norwegian. Para sa sangka abyan, amo dya ang "the best 2021 movie" nga nalantaw na. Napost niya dya sa Facebook kag nagkomento ako nga "inbox, please." Pinadara na ang link. Kurì ang internet dya sa probinsiya. Mapuüt ang paglo-load kon gagamitin ko ang camera. Basi may paagi nga wara ko lang naman-an?

Bangod indi ako sigurado, nagpokus ako sa masarangan ko: magmulalüng sa darwa ka pispis sa sanga kang puno kang doldol sa atubangan sa karsada. Na-notisyahan ko ang mga la'yong nga sanga kang akasya nga nagasab-it sa doldol. Darwa man. Gagmay, parehas kang mga pispis. Berde kag la'yong nga mga dahon run kadya ang ginalantaw ko. Wara

nanda ginatabunan ang darwa ka pispis bangod sa sanga ang mga dya nga wara run it mga dahon.

*Nakita ko sanda, ang mga pispis, bangod hublas ang mga sanga!*

Kasanagun sa ikarwa ka adlaw kang Simbang Gabi—18 Disyembre 2021—nagtupà rugya kanamun ang Bagyo Odette. Sa Sur kami kang Antique kag abay sa maagyan nga mata kang bagyo. Kadya lang liwan, pagkatapos kang sobra darwa ka dekada, hambal ka nga mal-am nga naduraan kang bubong ang andang balay (Norte ang pirme ginaagyan kang bagyo diretso sa Samar-Leyte, parehas katung 2013—ang Haiyan/ Yolanda).

5.

Naglupad ang sangka pispis. Nagsunod man lagi ang sara pa. Sin-o kananda ang bayi? Ang nauna ukon ang naurihi? Nami siguro kun indi "ang naurihi" kundi "ang nagsunod." "That's what women do, they leave," nadumduman ko nga hambal kang sangka laki nga karakter sa pelikula kang Coen Brothers, ang *No Country for Old Men*.

Andüt man nga natandaan ko tana dya? Ano ang ginahambal na kadya parte kanakun?

6.

Nastream ko ang “The Worst Person in the World.” Amo dya ang eksena kang bulaganay: ginatimplahan kang kape kang laki ang bayi. Hambal ka bayi: “We need to talk.” Kag nag-intiendihanay dun sanda, nga amo run dya ang umpisa kang andang katapusan. Pero hay may bargaining man nga natabo sa urihi nanda nga pakiglawas pagkatapos kang linya kang laki nga, “Leave, if that’s what you want.”

Sa iPhone ko, may nagtamyaw kang “Merry Christmas.” May sugpon nga emoji kang Christmas Tree. Halin sa sangka laki na ginpalangga kag ginhandum mangin bana. Amo lang dya sabat na sa sangka video nga ginpadara ko kang natumba nga mga kahoy sa karsada kag narangga nga bubong ka akun kamalig bangod kay Odette.

Nadumduman ko nga nagpadara tana kang USD 500 para sa sangka relief operation nga gin-organisa ko para sa Norte kang probinsiya katung Bagyo Yolanda. Nalingkag man sa mga nalantaw nga video kang Tacloban. “Ano ang ginahimo ka inyong gobyerno?” Komento na.

Husto bala nga masungon ako kana kadya sa kakulangan na kang pag-unong sa natabo sa akon kamalig? *Ako run mismo ang biktima! Pamilya ko, komunidad!* Pero andut nga may amo ako kadya gihapon nga paglaum? Daw gobyerno pag-abot sa ayuda kag pagpangutang sa iba nga pungsod.

Mga manggaranon nga pungsod. Indi dapat. Bukon na ako obligasyon. Luwas pa, indi ko mabatas magpadayon mangin abyan sa sangka tawo nga kulang sa simpatiya. *Ano bala, kada tuig ginabagyo ang Pilipinas!* Indi ko gusto kang bug-at sa pinsar kag dughan sa kon sin-o kanamun ang "the worst person in the world."

Sa akon atubangan, ang hublas nga kamatuoran: nag-abot run ang panahon kang tayuyon nga paglupad parayu.

Amo ako kadya nagahimo kang desisyon: nagasarig sa bugay kang panahon.

7.
Kon panahon ang tanan sa kabuhi, kag kon amo isarig mo lamang sa panahon ang paghimo kang desisyon, sangka kahuyangan dya bangod pagka-ignorante sa pagka-traidor man nga kinaiya kang panahon.

Kapintas sa kaugalingon kag isigkatawo.

"Slow violence," hambal ni Rob Nixon. Amo dya ang pagkabig na sa epekto ka mga indi-lagi-makita ukon amat-amat mo lang makita, parehas kang pagtablug kang basura kang mga manggaranon ng pungsod sa mga imol nga pungsod. Parehas abi kang ginpadara nga tone-tonelada nga basura kang Canada rugya kanatun sa Pilipinas. "Delayed destruction," kumpara sa "weapons of mass destruction." Para mapunggan

dya, ginapatihan ni Nixon nga dapat tugruan kang itsura, kang lawas dyang mga indi-lagi-makita nga katalagman para ma-aksyunan lagi.

8.

Hasta sangka adlaw antes mag-abot ang Bagyo Odette, naglibot ang patrol kang lokal nga National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) hasta sa amon, sa surudlon nga mga baryo kang amon banwa. Liwan-liwan ang pagbantala kang manug-abot nga bagyo: Signal #5. Kag abay kami sa Sur nga maagyan halin sa Negros kag Iloilo hasta sa ginalauman nga pagkatunaw kadya sa dagat.

Pero hay iba gid man ang “may naman-an” sa “nagapati.” Kag bangod bukon tanan nga naman-an mo ginapatihan mo, wara it kolektibo kag ara-dayon nga aksyon. Wara’t pagpreparar parehas kang pagtapas kang mga kahoy nga gahilay sa karsada, sa likod balay, sa tanan nga maagyan. Wara it pagbakwit kang mga hayop.

“Maiwan ka guid karia,” hambal nanda. Ano guid kuno abi ang mahimo mo. Ang DepEd gani may opisina pa. Wara pa tapos ang 2021, saku run ang mga bugto ko nga maestra kag maestro sa pagpreparar sa pagbalik kang face-to-face nga klase. Tubtob wara it memo, padayon report nanda sa eskuwelahan.

*Relax lang, kada tuig may bagyo.*

*Malubas lang man ra.*
Hasta mag-abot ang baskug nga hangin sa madulom nga hapon sa nakatakna nga adlaw. Nagabagrüt. Hasta mag-gabii. Daw bulldozer; may unto nga nagatulod-tikwas. Nagatirinikadol lang sa sagwa.  Hasta sa kasanagun, kag sa bilog nga adlaw kang masunod nga adlaw.

Nangin tuod ang Signal #5. Madulom nga gabii ang itsura na kadya kag ang lawas amo ang kandila nga liwan nangin marahalon. Indi-lagi-makita nga kapintas ang paglaum kang mga “survivor” para sa ayuda nga sangka putos kang sardinas kag noodles. Ang presyo kang generator kag gasolina kag ang dapug kang gasolina kang generator, kag ang pagpila para magcharge—nga may bayad—sa balay kang kon sin-o maysarang-sarang sa baryo.

Nasapwan nga nagsang-at sa mga sanga kang siregwelas kang ingud-balay ang bubong kang akon kamalig. *Abaw, mayad lang!* Sa taramnan rapit sa suba napurot ang naglupad nga mga sinas kang bubong kang amon parayan sa likod-balay. Naghibi ang amon 75-tuig nga Tatay: naluoy sa mga saku kang paray nga nabasà.

9.
Ano tana ang natabo sa mga pispis?

Indi nanda kinahanglan kang tawo nga magluwas kananda.

10.

Kinahanglan kang indibidwal, kag kang komunidad, nga magdesisyon para sa ana/anda kaugalingon nga kaluwasan. Ano ang mahimo nga ara-dayon nga aksyon?

*Ang pagkilala kang emerhensiya nga makita sa adlaw-adlaw*. Bawal ang pagtutod kang mga la'yong nga dahon, ilabi na ang plastik. Kang mga basura. Kontra sa Clean Air Act. Kadü sa palibot, kadü sa ikamayad kang lawas. Indi-lagi-makita ang asthma, ang pagkarangga kang bagà. Pero duro ang nagahimo kadya sa mga baryo. Adlaw-adlaw, aga kag hapon. Wara it nagareklamo. Wara man it nagadakup. Ilabi na pagkatapos kang bagyo. Bangod dasig. Hulas ang pagsunog kaysa pagsara-sara pain kang *Mga Nagadunot* sa *Mga Wara Nagadunot*. Ang nami nga palibot amo ang limpyo nga palibot. Hawan. Higku ang pagkabig sa nagahurulog-rapta kag la'yong.  Bukon pa dominante ang pamensaron nga abono dya sa lupa kag ang iba na pa nga benepisyo. Ukon basi tuod gid man dya: duro tamad.

11.

Sangka baratyagon ang pagdayáw, nga may pagtingala bangod daw-indi-mapatihan. Sa kasaysayan kang pilosopiya halin pa sa mga tudlo ni Longinus, amo dya ang eksperyensya kang *sublime,* sangka espiritwal nga engkuwentro sa makagagahum, sa halangdon nga kaanyag, kag may dara dya nga pamatyag kang kalapad. Ekspansyon. Ginapamatud-

an man dya kang duro run nga pagtuon sa sikolohiya kag neuroscience, ang positibo nga emosyon nga napukaw kang dyang pagdayaw sa katingalahan. May kalipay sa pagkilala nga bukon ordinaryo ang imo ginatamdan, gina-eksperyensya. *Kalapad kang Kalibutan! Duro ang mga tinuga kag sahi kang kabuhi! May Diyos! Buhi ang mga Maaram nga Mal-am!*

Sa akon pagdayáw-tingala, nakaguwa ako sa akon kaugalingon. Bukon dun lamang metapora ang mga pispis, ang suba. Bukon dun lamang simbolo ang mga kahoy, ang bukid. Ginaselebrar ko sanda sa anda pisikal nga kamatuoran.

Kag may kakulba, kalangkag, kakugmat sa dyang akon pagdayáw-tingala. Amo nga ginakatingalahan ko dya mismo.

Hasta mahangpan ko dya sa *The Great Derangement: Climate Change and the Unthinkable* (2016) ni Amitav Ghosh. Isara sa mga ginaistorya na rugya ang kaso kang Sundarbans, ang kagubatan kang bakhawan kang Bengal Delta. Lain run ang nagakaratabo, pinasahi ang geyolohikal nga proseso: nagadasig nga nagadasig ang ilig kang tubig kag dungan na kadya nga mga elemento nga sa sulod kang sangka gabii, nagakatiphag ang mga kilid kang suba, dara ang kabalayan kag mga nagaistar rugya. Sa lain nga bahin, sa unahan, may masulpot nga tumpok kang lao. Sa sulod kang pira ka semana, makita nga nagalapad ang baras sa binit-baybay. Buhi ang lupa, hambal ni Ghosh. Nagtaas anang pagkilala kag kabalaka sa mga puwersa kang mga *indi-tawo-*

*nga presensiya*. Ang tubig, ang suba — ginabag-o nanda ang palibot; nagahimo sanda kang bag-o nga mga palibot. Dyang **pagkilala,** diskurso ni Ghosh, lain sa **pagkadiskubre** nga naandan naton patihan nga buot hambalon, *kadya pa lamang* nagakatabo. Pagpati na, rugya run dya, sa aton sulod, amo nga nangin posible ang pagdara kanaton sa *kaaram*. Ang kaaram nga dya naghalin sa *nadura*, sa *natabunan,* sa *nakita liwan*. Amo nga *nakilala* mo dya, tana, bangod may ideya ka run o imahe. Sa anang kaso, ang buhi nga handumanan, ang mga istorya kang inagyan ka anang kamal-aman: nagbakwit ang mga dya halin sa Suba kang Padma katung tunga-tunga kang 1850 sa kadya kilala nga Bangladesh paagto sa kilid kang Suba kang Ganges sa Bihar, India. Nagbakwit sanda bangod nakilala nanda ang kahadluk kag kakugmat sa pagtaas kang tubig sa suba. Kang bata tana, ginsagap na dyang ginhalinan nga komunidad ka anang kamal-aman kag wara run it nabalikan. Sa pag-istar nanda sa Dhaka, nakilala na man ang bagyo: sa kabaskug kadya, nangin lawa ang gamay nga fishpond kag nagragasa pasulod sa andang balay ang tubig. Duro pa ang pamilyar nga istorya kang kalamidad.

Sa kaso namon, ang mga suba sa mga bukid nga barangay nagatigbaylo sa karsada bangod wara it tubig; wara it pag-awas bisan pa kon tag-ururan.  Kag pagkatapos kang Bagyo Odette, ang kakugmat dara kang hangin kag uran nga nagarangga kang mga balay kag propyedad, nagabawi kang kabuhi kang tawo kag hayop. Tuod run dya sa amon, indi run lamang sa Norte kag sa iba pa nga mga rehiyon sa

pungsod nga ginabalita sa TV kag ginalantaw sa social media. Natumba ang duro nga mal-am nga kahoy, paratandaan kang puno kag punta kang mga ginapanag-iyahan nga teritoryo; parasirungan kang tawo kag hayop, balay kang mga istorya ilabi na kang mga engkanto kag murto. Kag sa andang pagkadura sa panurukan, indi run madumduman. Ang paglipat.

12.
Ginpaguwa ko sa bag ang binocular. Para handa bisan ano nga oras. Nagamit ko gid man sangka hapon, pasaka sa batalan ukon open-air shower (nga ginlupad man ni Odette ang sambilog na kadya nga dingding nga nagatabon-atubang sa kamalig). Nakita ko sa sangka puno liwan kang doldol sa likod-balay ang hilera kang mga pispis. Gagmay. Maitum-itum, abú-abuhon.

Nagbalik ako sa balay para bul-on ang binocular. Naabutan ko sanda pagbalik kag buhay pa antes magrulupad. Indi ko man gihapon man-an andang ngaran, kag daw indi run man gid importante para mabuol nanda ang bug-os ko nga atensyon, nga daw sa akon kamangù sa
andang ngaran kag sahi, ang pagka-pispis lamang nanda ang importante, kag husto run dya nga rason para dayawon ko—magdayáw ako—sa andang presensiya.

**Mga Obra nga Namitlang**

Ghosh, Amitav. *The Great Derangement: Climate Change and the Unthinkable*. Chicago: The University of Chicago Press, 2016.

Nixon, Rob. *Slow Violence and the Environmentalism of the Poor*. Cambridge: Harvard University Press, 2021.

*Sanaysay sa Kinaray-a at Filipino ni Genevieve L. Asenjo*

# TULAD NG MGA IBON, at ang Ebanghelyo ng Panahon

1.
Nasa duyan ako, sa kamalig, sa burol katabi ng bahay. Bughaw ang langit. Puti ang mga ulap. Amihan ang hangin. Dumadapo ang dalawang ibon sa punong doldol sa harapan ng kamalig sa kabila ng kalsada. Sa likuran ng mga puno, ang maburol na palayan. Pumapatag ito palayo sa aking paningin hanggang sa hilera ng kawayan at mga punongkahoy na tumatago ng sapa ng aking kabataan. Umaakyat sa hagdan-hagdang palayan. Natatanaw ko rin ang paglipad ng mga dapay pababa sa mga palayang ito. Sa kanilang panandaliang pagtigil, isa silang puting palamuti sa mga umaga tulad ngayon.

2.
Namamangha ako sa tanawing ito. Namamangha na mayroon pang ganitong tanawin sa pag-uwi kong ito sa probinsiya sa ikalawang-taon ng pandemya. Namamangha ako na nakauwi ako. Ikinamamangha ko ang lahat ng ito. At namamangha ako sa aking pagkamangha.

3.
Nakikita ko ang aking mga nakikita dahil nakapuwesto ako.

Nakikita ko sila ngunit hindi ko alam ang kanilang pangalan, o uri.

O baka makikilala ko sila kung makikita ko sa malapitan? *Umbok? Maya? Kilyawan?* Hindi ako sigurado. Pero posible. May dala akong binocular sa pag-uwing ito. Military grade. Bili sa Amazon. Pero kung kukunin ko ang binocular sa bag sa bahay—ngayon din—malamang wala na ang mga ito, o kahit isa sa kanila, pagkabalik ko.

Paano ka gumagawa ng desisyon? Tanong sa akin minsan.

4.
*Photograph it, post, or it did not happen*. Kunan ko kaya ng larawan? O i-video? Ma-zoom in. Ma-post ko sa Facebook: *ID, please*.

Pero naglo-load ang aking iPhone; magsi-stream ako sa duyan ng “The Worst Person in the World”. Norwegian. Tinuturing na “the best 2021 movie” na napanood ng isang kaibigan.  Na-post niya ito sa Facebook at nagkomento ako na “inbox, please.” Pinadalhan niya ako ng link. Mabagal ang internet dito sa probinsiya. Mapuputol ang paglo-load kung gagamitin ko ang camera. O baka may paraan na hindi ko alam?

Dahil hindi ako sigurado, nagpokus ako sa kaya ko: tumutok sa dalawang ibon sa sanga ng puno ng doldol sa harapan sa

kalsada. Napansin ko ang mga tuyong sanga ng akasya na nakasabit sa doldol. Dalawa rin. Maliliit, tulad ng mga ibon. Luntian at kayumanggi na ngayon ang mga dahon na nakikita ko. Hindi nila natatabunan ang dalawang ibon dahil nasa sanga ang mga ito na nalagasan ng mga dahon.

*Nakita ko sila, ang mga ibon, dahil sa hubad na mga sanga*!

Madaling araw ng pangalawang Simbang Gabi—18 Disyembre 2021—tumama rito sa amin ang Bagyo Odette. Nasa Sur kami ng Antique at kasama sa daanang mata ng bagyo. Ngayon lang uli, pagkatapos ng higit dalawang dekada, bukambibig ng matatandang nawalan ng bubong ang kanilang bahay (Norte ang madalas daanan ng bagyo patungong Samar-Leyte, katulad noong 2013—Bagyong Haiyan/Yolanda).

5.
Lumipad ang isang ibon. Sumunod na rin agad ang isa pa. Sino sa kanila ang babae? Ang nauna o ang nahuli? O siguro hindi "ang nahuli" kundi "ang sumunod." "That's what women do, they leave," naalala kong sabi ng isang lalaking tauhan sa isang pelikula ng Coen Brothers, ang *No Country for Old Men*.

Bakit tumatak ito sa akin? Ano ang sinasabi nito tungkol sa akin?

6.

Na-stream ko ang “The Worst Person in the World.” Ito ang eksena ng hiwalayan: ipinagtitimpla ng kape ng lalaki ang babae. Ito ang wika ng babae: “We need to talk.” At nagkaintindihan na sila, na ito na ang simula ng wakas. Bagaman may bargaining na nangyari at huling pagniniig pagkatapos ng linya ng lalaki na, “Leave, if that’s what you want.”

Sa iPhone ko, may pagbati ng “Merry Christmas” na may karugtong na emoji ng Christmas tree. Galing sa lalaking dati kong minahal at inasam maging asawa. Ito ang tanging sagot niya sa isang video na pinadala ko ng mga natumbang puno sa kalsada at nasirang bubong ng aking kamalig dahil sa Bagyong Odette.

Naalala kong nagpadala siya ng USD 500 para sa isang relief operation na inorganisa ko para sa norte ng probinsiya noong Bagyo Yolanda. Nagimbal siya sa mga napanood na video ng Tacloban. “Ano ang ginagawa ng inyong gobyerno?” Naalala ko pang komento niya.

Magtatampo ba ako ngayon sa kaniya sa kakulangan niya ng simpatiya sa nangyari sa aking kamalig? *Ako na mismo ang biktima! Pamilya ko, komunidad!* Pero bakit umaasa pa rin ako? Hindi ako dapat umasta tulad ng gobyerno ko pagdating sa ayuda at pangungutang kaugnay sa ibang bansa. Sa mayayamang bansa. Hindi niya ako obligasyon. Gayunman,

hindi ko kayang patuloy na makipagkaibigan sa taong kulang sa pakikidalamhati. *Taon-taon binabagyo ang Pilipinas!* Ayaw ko ng bigat ng pag-iisip at pagdamdam sa kung sino sa amin ang “the worst person in the world.”

Tinatambad nito ngayon ang hubad na katotohanan: dumating na ang oras ng tuluyang paglipad palayo.

Ganito ako nagdedesiyon: nagtitiwala sa biyaya ng panahon.

7.

Kung ang lahat sa buhay ay panahon, at kung gayon magtitiwala ka lamang sa biyaya ng panahon—na ito ang magdedesisyon para sa iyo—isa itong kahinaan dahil kamangmangan sa mapaglansi ring katangian ng panahon.

Karahasan sa sarili at kapwa.

“Slow violence,” sabi ni Rob Nixon. Tukoy niya ito sa hindi kaagad nakikita, o nakikita paunti-unti, tulad ng pagtapon ng basura ng mayayamang bansa sa mahihirap na bansa. Tulad ng Pilipinas na pinadalhan ng tone-toneladang basura ng Canada. “Delayed destruction,” taliwas sa “weapons of mass destruction.” Para masangga ito, pinapanukala ni Nixon ang pagbibigay ng hugis, ng katawan, ng mukha sa hindi-kaagad-nakikitang-banta na ito para sa agarang aksyon.

8.

Hanggang isang araw bago ang Bagyong Odette, lumibot ang patrol ng lokal na National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) hanggang sa amin, bulubunduking barangay ng bayan. Paulit-ulit ang anunsyo ng paparating na bagyo: Signal #5. At kasama kami sa Sur na madadaanan mula Negros at Iloilo hanggang matunaw ito sa dagat.

Ngunit iba ang “may alam” sa “naniwala.” At dahil hindi lahat ng nalalaman ay pinapaniwalaan, walang kolektibo at agarang aksiyon. Walang paghahanda katulad ng pagputol ng mga kahoy sa kalsada, sa likod bahay, sa lahat ng madadaanan. Walang pagbakwit ng mga hayop.

“*Maiwan ka guid karia*,” anila. Ano ba naman talaga raw ang magawa. Ang DepEd nga may pasok pa. Sabi ng mga kapatid kong guro, naghahanda na sila sa pagbabalik ng face-to-face na klase.

*Relax lang, taun-taon may bagyo.*

*Dadaan lang 'yan.*

Hanggang dumating ang malakas na hangin sa hapon ng nakatakdang araw. Nanggigigil. Hanggang sa gabi. Parang bulldozer; may ngipin na tumutulak-tiklop. Hanggang sa madaling araw, at buong araw ng sumunod na araw.

Naging totoo ang Signal #5. Madilim na gabi ang mukha nito at nagsakatawan sa pagbabalik sa kandila. Hindi-nakikitang-karahasan ang pag-asa ng mga nasalanta sa ayuda na supot ng sardinas at noodles; sa presyo ng generator at gasolina at amoy ng gasolina ng generator, at ang pagpila sa pag-charge —may bayad—sa bahay ng maykaya sa barangay.

Natagpuang sumangat sa mga sanga ng sinegwelas ng kapitbahay ang bubong ng aking kamalig. Sa palayan naman malapit sa ilog napulot ang lumipad na mga yero ng bubong ng aming parayan o imbakan ng palay sa likod-bahay. Umiyak ang aming 75-taong Tatay.

9.
Ano ang nangyari sa mga ibon?

Hindi nila kailangan ng tao na magsasalba sa kanila.

10.
Kailangan ng indibidwal, at ng komunidad, na magdesisyon para sa kanilang sariling kaligtasan. Ano ang agarang aksiyon?

*Ang pagkilala ng emerhensiya na nananahan sa araw-araw*. Bawal ang pagsunog ng mga tuyong dahon, higit na ng mga plastik. Ng mga basura. Masama sa kapaligiran, masama sa kalusugan. Ngunit ginagawa ito ng marami sa barangay. Araw-araw, umaga at hapon. Lalo na pagkatapos ng Bagyong

Odette. Dahil hindi kaagad nakikita ang pamumuo ng asthma, ang pagkasira ng bagà. Madali ang magsunog kaysa maghiwalay ng *Mga Nabubulok* sa *Hindi Nabubulok*. Ang magandang paligid ay ang malinis na paligid. Mahawan. Dumi ang mga lagas at tuyo. Hindi pa rin dominanteng kaisipan na sustansya ito sa lupa. O baka nga: katamaran.

11.
Isang damdamin ang pagkamangha. Sa kasaysayan ng pilosopiya mula pa sa mga aral ni Longinus, kaakibat ito ng *sublime* dahil sa dala nitong ekspansyon. Pinapatunayan din ito ng maraming pag-aaral sa sikolohiya at neuroscience dahil sa positibong emosyon na dala ng pagkamangha. Hindi na nagiging karaniwan ang nakikita. Humihigit na. *Ang lawak ng Uniberso! Maraming nilalang at uri ng buhay! May Diyos! Buhay ang mga Ninuno!*

Dahil sa aking pagkamangha, nakalabas ako sa sarili. Hindi lamang metapora ang mga ibon, ang ilog. Hindi lamang simbolo ang mga puno, ang bundok. Nakikita ko sila sa kanilang pisikal na porma.

May pangamba ang aking pagkamangha. Kaya namamangha ako sa pagkamangha kong ito.

Naunawaan ko ito sa *The Great Derangement: Climate Change and the Unthinkable* (2016) ni Amitav Ghosh. Isa sa mga kinukuwento niya dito ang kaso ng Sundarbans,

ang higanteng gubat ng bakhawan ng Bengal Delta. Iba na at kakaiba ang geyolohikal na proseso: sobrang mabilis na ang agos ng tubig at mga kasabay nitong elemento na sa loob ng isang gabi, natitibag ang kahabaan ng gilid ng ilog, tangay ang kabahayan. Sa isang dako, sa banda roon, may susulpot na tumpok ng putik. Kalaunan, sa loob ng mga linggo, lumalawak ang tabing-dagat. Buhay ang lupa, ani Ghosh. Higit siyang naging mulat sa puwersa ng mga *hindi-taong presensiya*. Ang tubig, ang ilog—binabago nila ang kapaligiran; lumilikha sila ng bagong kapaligiran. Ito ang **pagkilala,** diskurso ni Ghosh, na taliwas sa **pagkatuklas** na *ngayon pa lamang* nangyari. Aniya, mayroon ka na, sa loob mo, kaya naging posible ang daloy mula kamangmangan tungo sa kaalaman. Ang kaalamang ito ay galing sa nawala, o natakpan, at nakita mo muli, Nakilala mo ito, siya, dahil mayroon ka nang ideya rito o imahen. Sa kaniyang kaso, ang buhay na alaala ng kuwento ng pinagdaanan ng kaniyang mga ninuno: lumikas ang mga ito sa Ilog Padma noong kalagitnaan ng 1850 sa ngayo'y Bangladesh patungo sa gilid ng Ilog Ganges sa Bihar, India. Lumikas sila dahil nakilala nila ang sindak sa pagtaas ng tubig ng ilog. Hinanap niya sa kaniyang kabataan ang dating komunidad na ito ng kaniyang mga ninuno at wala na ang pisikal nitong anyo. Sa Dhaka, nakilala niya ang bagyo: sa lakas nito,  naging lawa ang isang maliit na fishpond at rumagasa ang tubig papasok sa kanilang bahay. At ang marami pang pamilyar na kuwento ng kalamidad.

Sa kaso namin, ang mga ilog sa mga bulubunduking barangay na nagiging kalsada sa kawalan ng tubig kahit tag-ulan. At pagkatapos ng Bagyo Odette, ang sindak na dala nito sa pagbabago ng kapaligiran, pagkawala ng kabuhayan, ng buhay ng tao't hayop. Totoo na rin dito sa amin, hindi na lamang sa Norte, at sa ibang rehiyon sa bansa at mundo na napapanood sa TV at nasusundan sa social media. Natumba ang maraming matatandang puno, palatandaan ng mga hangganan ng pagmamay-ari at sakop; silungan ng tao't hayop, bahay ng mga mito at multo. At sa kanilang pagkawala sa paningin, ang paglimot.

12.

Inilabas ko sa bag ang binocular. Handa anumang oras. Nagamit ko nga isang hapon, paakyat sa batalan o open-air shower (na nilipad din ni Odette ang nag-iisang dingding kaharap ng kamalig). Tumambad sa akin sa isa uling puno ng doldol sa likod-bahay ang hilera ng mga ibon. Maliliit. Halong itim at kayumanggi.

Bumalik ako sa bahay para kunin ang binocular. Naabutan ko sila at matagal-tagal pa bago magliparan. Hindi ko pa rin matanto ang kanilang pangalan, at parang hindi mahalaga sa mga sandaling iyon para malubos nila ang aking atensiyon, na parang sa kawalan nila ng pangalan at uri, ang pagiging ibon lamang nila ang mahalaga at sapat na para ipagdiwang ang kanilang presensiya.

## Mga Akdang Nabanggit

Ghosh, Amitav. *The Great Derangement: Climate Change and the Unthinkable*. Chicago: The University of Chicago Press, 2016.

Nixon, Rob. *Slow Violence and the Environmentalism of the Poor*. Cambridge: Harvard University Press, 2021.